Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

22 Hulyo 2025

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 196 s. 2025**

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2025

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Kawaksing Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Tagapag-ugnay Pansangay
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon sa pangunguna ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997 Inaasahan ang pakikiisa ng mga paaralan at pagsasagawa ng mga gawain para sa buwang ito.

2. Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay ***"Ang Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa."*** Layon nito na ilaan ang buong Buwan ng Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at ng wika.

3. Nahahati sa limang lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang at kasabay nito ang pagtalakay sa bawat paksa sa pamamagitan ng webinar. Inaanyayahan ang lahat ng mga guro sa Filipino na dumalo. Ang link at iba pang detalye ay ipapabatid na lamang sa hiwalay na abiso.

| Petsa | Tema | Webinar |
|---|---|---|
| Unang Linggo<br>4-8 Agosto | Wikang Pangkasarian | Petsa: Agosto 12, 2025<br>Tagapanayam:<br>Dr. Rowena P. Ferstin<br>Prof. UP Diliman |

Komplex Pampalakasan ng Balogo, Balogo, Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph
CIP 5461/21/05/1163

| | | |
|---|---|---|
| Ikalawang Linggo<br>11-15 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima | Petsa: Agosto 5, 2025<br>Tagapanayam:<br>Carolyn S. Dagani<br>Dating Pangulo<br>Phil. Federation of the Deaf |
| Ikatlong Linggo<br>18-22 Agosto | Pagtataguyod ng Literasi sa Wikang Filipino: Hakbang Tungo sa Maunlad na Buhay | Petsa: Agosto 12, 2025<br>Tagapanayam:<br>Dr. Carl E. Balita<br>Manunulat |
| Ikaapat na Linggo<br>25-29 Agosto | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag | Petsa: Agosto 26, 2025<br>Tagapanayam:<br>Aurelio Agcaoli<br>Prof., Hawaii |

4. Hinihikayat ang bawat paaralan na magsagawa ng isang payak ngunit marangal na Seremonya sa Pagtaas ng Watawat sa kani-kaniyang paaralan sa 4 Agosto 2025 (Lunes) bilang pambungad sa pagdiriwang. Iminumungkahi ang daloy ng programa:
   a. Pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas (Lupang Hinirang)
   b. Panalangin
   c. Pagbigkas ng Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas
   d. Pagbigkas ng Panunumpa ng Lingkod Bayan (rebisyon 2021)
   e. Pagbigkas ng Quality Policy
   f. Pagbigkas ng Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd
   g. Pag-awit ng ng Martsa ng Bicol/Martsa of Himno ng Sangay
   h. Iba pang bilang (mula sa kani-kaniyang paaralan)

5. Kaugnay pa nito, inaasahang ang mga isasagawang mga simpleng palatuntunan at ilang patimpalak ay hindi makasasagabal sa kabuoang daloy ng klase sa paaralan. Sa pagsasagawa nito, itinatagubilin ang pagpapairal ng mga alituntuning pangkalusugan at pangkaligtasan.

6. Ang mga gugulin sa gawain sa mga paaralan na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay maaaring hanguin mula sa pondong lokal at/o iba pang pondong pampaaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri na naaayon sa mga ipinapatupad na tuntunin at regulasyon ng akawnting.

7. Kalakip ng Memorandum na ito ang nakasalin sa Filipinong Bisyon, Misyon, at Pangunahing Halagahan ng DepEd at Quality Policy.

8. Hinihiling ang maaga malaawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JOSE E. DONCILLO, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*Kalakip: Gaya ng nasasaad*
*Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan*
*sa ilalim ng sumusunod na paksa:*

*Buwan ng Wika    Pagdiriwang*
*Paaralan    Guro    Mag-aaral*

*CID GQT/sav*

Komplex Pampalakasan ng Balogo, Balogo,
Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

Kalakip sa Pansangay na Memorandum Blg. 196, s. 2025

Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

Rehiyon V

Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

## BISYON

Pangarap natin ang mga Pilipinong
masidhing nagmamahal sa kanilang bansa
may pagpapahalaga at kasanayang nagagamit
sa pagtamo ng kanilang ganap na kakayahan
at makabuluhang nag-aambag
sa pagtataguyod ng bayan.

Bilang institusyong publiko
nakatuon sa mga mag-aaral,
ang Kagawaran ng Edukasyon
ay patuloy sa pagpapaunlad ng sarili
upang higit na mapaglingkuran
ang mga stakeholder nitó.

## MISYON

Pangalagaan at itaguyod ang karapatan ng bawat Pilipino sa makalidad, pantay-pantay, makakultura, buo at ganap na batayang edukasyon kung saan:

Matututo ang mga mag-aaral sa kapaligirang naaangkop sa bata, sensitibo sa kasarian, ligtas, at nakahihikayat;

Tagapagpadaloy ang guro sa pagkatuto at patuloy na paghubog sa bawat mag-aaral;

Tinitiyak ng mga tagapangasiwa at kawani, bilang tagapamahala ng institusyon, ang kapaligirang nagtutulungan at mapagkalinga upang maisakatuparan ang mabisang pagkatuto;

Aktibong pakikilahok at pakikibahagi ng pamilya, komunidad, at iba pang mga stakeholder sa mga responsibilidad para sa pagpapaunlad ng habang-buhay na pagkatuto ng mga mag-aaral.

## Pangunahing Halagahan

Maka-Diyos
Makatao
Makakalikasan
Makabansa

Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

CIP 5461/21/05/1163

Republika ng Pilipinas

**Kagawaran ng Edukasyon**

**Rehiyon V**

**Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon**

---

## Pahayag ng Patakarang Kalidad ng DepEd

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay matapat na nagkakaloob sa mga mag-aaral ng makalidad na batayang edukasyon na naaabot, ingklusibo, at malaya sa pamamagitan ng:

- Masigasig na pamumuno
- Magkatuwang na pamamahala
- Batay sa ebidensiyang mga patakaran, mga pamantayan, at mga programa
- Tumutugon at nauugnay na kurikulum
- Lubos na kahusayan at katapatan ng mga opisyal, guro, at mga kawani
- Kaiga-igayang kapaligiran

Ang Kagawaran ay naninindigan sa pinakamataas na pamantayan ng pag-uugali at pagganap upang matupad ang mga pangangailangan at inaasahan ng mga stakeholder sa pamamagitan ng pagsunod sa mga mandato ng konstitusyon, ayon sa batas at mga kinakailangan sa regulasyon, at pinapanatili ang kasiyahan ng kliyente sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti ng Sistema sa Pamamahala ng Kalidad.

Balogo Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

CIP 5461/21/05/1163